

# Kung nagkaroon na ako ng COVID-19 Kailangan ko pa bang magpabakuna?

Ang pagpapabakuna ay magdadagdag ng isa pang proteksyon para sa iyo. **Kahit na nahawaan ka na dati, ang bakuna ay kumikilos bilang booster na nagpapalakas sa pagtugon ng immune.**



## TAPATANG USAPAN TUNGKOL SA COVID-19

### Protektahan ang iyong sarili, ang pamilya mo at ang mga pasyente mo

**Kailangan mo pa rin ng bakuna sa COVID-19** kahit na nahawaan ka na dati.

- May mga ulat ng mga taong **nahawaan ng COVID-19** sa ikalawang pagkakataon, kaya mas mahalagang magpabakuna.
- Ang proteksyon mula sa bakuna **ay mas malakas** kaysa proteksyon mula sa pagkahawa. Hindi alam ng mga eksperto **kung hanggang kailan magtatagal ang proteksyon mula sa pagkakahawa** o kung makakalaban ba ito sa mga bagong variant.
- Ang pagpapabakuna **ay makakaprotekta sa iyo laban sa mga variant** na lumalaganap ngayon.

**Kunin ang iyong LIBRENG bakuna!**

### Mabuting Alamin

- Kung ikaw ay binigyan ng gamot para sa iyong impeksyon sa COVID-19, **kailangan mong maghintay ng kahit 90 araw pagkatapos ng iyong huling paggamot** para makapagpabakuna. Makipag-usap sa iyong healthcare provider para sa dagdag na impormasyon.
- Hindi ka dapat magpabakuna sa COVID-19 kung kasalukuyan kang nahawaan ng virus o may nararamdamang sintomas. Makipag-usap sa iyong healthcare provider kung kailan ligtas na magpabakuna.